**Buod ng Financial Assistance Program (FAP) na Patakaran**

Ang misyon ng Wellstar Health System (Wellstar) ay ang paggawa at maghatid ng mataas na kalidad ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na nagpapabuti sa kalusugan at kagalingan ng mga indibidwal na ating pinaglilingkuran. Ang mithiin ng Wellstar ay ang maghatid ng world-class na pangangalaga sa kalusugan. Upang maalis ang pinansyal na mga hadlang para sa mga pasyente ng ospital ng Wellstar na may limitadong paraan upang magbayad para sa serbisyong medikal na kinakailangan na ibinigay sa ospital o sa outpatient na pasilidad ng ospital, ang Wellstar ay nagbibigay ng iba't ibang mga antas ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong pasyente sa ilalim ng patakaran ng Financial Assistance Program (FAP) nito. Ang patakarang ito ay sumasaklaw lamang sa kuwalipikadong mga serbisyo ng ospital at maaaring may kasamang mga serbisyong ginawa na at sinisingil.

**PAANO MAGING KWALIPIKADO PARA SA FAP**

**Unang Hakbang: Tukuyin kung ang kita ng tahanan ay pumapailalim sa Federal Poverty Level (FPL) at mga alituntunin ng programa ng FAP.**

Ang Wellstar ay nagbibigay ng isang Minimum Charitable Allowance (MCA) para sa lahat ng indibidwal na walang insurance, katumbas ng pagkakaiba sa pagitan ng mga singil para sa serbisyong medikal na kinakailangan at ang tinukoy ng pederal na "Amounts Generally Billed (AGB)".

Ang karagdagang mga antas ng pinansiyal na tulong ay natutukoy sa pamamagitan ng parehong mga alituntunin sa patakaran ng FPL at FAP. Ang FPL ay may pederal na depinisyon bilang minimum na halaga ng gross income (bago buwis) na nangangailangan ng isang indibidwal o pamilya ng pagkain, damit, transportasyon, tahanan at iba pang mga pangangailangan. Isinasaalang-alang ng Wellstar ang mga indibidwal o mga pamilya na nasa 125 porsiyento ng FPL o mas mababa na sa paglalarawan nito ay, limitado ang kakayahang magbayad ng mga kinakailangan serbisyong medikal ng ospital, at bilang resulta, ay nagbibigay ng dagdag na tulong pinansyal sa itaas ng MCA sa mga indibidwal na ito, upang matanggap nila ang 100% na libreng pangangalaga ng ospital. Para sa mga indibidwal o mga pamilya sa pagitan ng 126 porsiyento at 200 porsiyento ng FPL, ang Wellstar ay nagbibigay ng karagdagang pinansiyal na tulong hanggang sa 97% ng tinukoy ng pederal na AGB. Para sa mga indibidwal sa pagitan ng 201 porsiyento at hanggang sa maximum na 300 porsiyento FPL, ang karagdagang pinansyal na tulong ay maaring ibigay, nakasalalay sa antas ng kinikita ng kanilang sambahayan at kung ang mga ito ay pasado sa "Qualifying Assets" na pagsusuri.

Sa ibaba, ang unang hilera ay Family Size sa talaan ng FAP, hanapin ang numero na angkop -. Mula sa isang indibidwal na nabubuhay mag-isa hanggang sa bilang ng asawa, mga magulang at kanilang mga anak na wala pang 21 taon gulang na nakatira sa parehong tahanan. Ang numero ay may kasamang menor de edad na mga anak na naninirahan kasama ang isang legal na tagapag-alaga. Pagkatapos, itugma ang kabuuang kita ng

tahanan na nakalista sa na linya upang magtatag ng isang kategorya ng FAP . Ang mga pasyente na hindi karapat-dapat sa FAP batay sa mga pamatnubay sa kinikita lamang ay maaaring makatanggap ng pinansiyal na tulong kung ang kinakailangan na medikal na gastos ay umubos sa kita at mga mapagkukunan (medikal na indihensya) ng pamilya. Gayundin, ang Wellstar o ang isang ikatlong partido ay susubok na tumulong sa mga pasyente sa pagtukoy kung ang pinagkukunan ng seguro o pinansyal na tulong ay magagamit sa pamamagitan ng mga programang sagot ng gobyerno o iba pang benepisyo ng komunidad upang makatulong na mabawasan ang mga gastos sa pangangalaga sa kalusugan.

### Gabay ng Pasyente sa Wellstar FAP - Kinikita ng Tahanan na Hanggang sa 300% FPL

| Laki ng Pamilya | 125% o mas mababa<br>Kategorya 1 | 126% - 200%<br>Kategorya 2 | 201% -250%<br>Kategorya 3 | 251% -300%<br>Kategorya 4 |
|---|---|---|---|---|
| 1 | $0 - $18,825 | $18,826 - $30,120 | $30,121 - $37,650 | $37,651 - $45,180 |
| 2 | $0 - $25,550 | $25,551 - $40,880 | $40,881 - $51,100 | $51,101 - $61,320 |
| 3 | $0 - $32,275 | $32,276 - $51,640 | $51,641 - $64,550 | $64,551 - $77,460 |
| 4 | $0 - $39,000 | $39,001 - $62,400 | $62,401 - $78,000 | $78,001 - $93,600 |
| 5 | $0 - $45,725 | $45,726 - $73,160 | $73,161 - $91,450 | $91,451 - $109,740 |
| 6 | $0 - $52,450 | $52,451 - $83,920 | $83,921 - $104,900 | $104,901 - $125,880 |
| 7 | $0 - $59,175 | $59,176 - $94,680 | $94,681 - $118,350 | $118,351 - $142,020 |
| 8 | $0 - $65,900 | $65,901 - $105,440 | $105,441 - $131,800 | $131,801 - $158,160 |
| * | $6,725 | $10,760 | $13,450 | $16,140 |

** Para sa bawat miyembro ng pamilyang na higit sa walo, may mga tumataas na pagtaas sa mga salary range qualifier (pagiging kuwalipikado ayon sa saklaw ng suweldo) para sa mga diskwento.*

**<u>IKALAWANG HAKBANG</u>: Kumpletuhin ang aplikasyon sa Wellstar FAP na may pangsuportang dokumentasyon sa pananalapi.**

Upang makonsidera para sa FAP, ang mga uninsured o underinsured na pasyente ay dapat punan ang isang aplikasyon at ibunyag ang anumang mga mapagkukunan ng insurance at/o paraan ng pagbabayad upang magtatag ng patunay ng pangangailangan. Kabilang dito ang isang nasagutang aplikasyon sa FAP na kinabibilangan ng lahat ng kinakailangang mga sumusuportang dokumento tulad ng mga bank statement, tax returns at iba pang impormasyon sa beripikasyon ng kita para matulungan ang Wellstar na matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa buong pinansyal na tulong (indigent care) o bahagyang pinansyal na tulong (sa pangangalagang kawanggawa). . Ang mga aplikasyon ay makukuha online sa http://www.wellstar.org at kapag hiniling sa ospital at sa pagrehistro sa hospital outpatient facility at/o mga discharge area. Ang mga aplikasyon ay maaaring isumite sa loob ng 240 araw kasunod ng petsa ng serbisyo o ang unang post-discharge statement. Sa kaganapan na ang isang aplikasyon ay kulang ng kinakailangang impormasyon, ang mga pasyente ay aabisuhan sa pamamagitan ng sulat at bibigyan ng 30 araw mula sa petsa ng pag-abiso para muling magsumite. Ang katayuan sa FAP ay ipina-aalam sa loob ng 30 araw matapos matanggap ang isang napunang aplikasyon. Kung naaprubahan, ang antas ng

FAP ay epektibo nang 6 na buwan. Ang mga pasyente ay magiging responsable para sa pagbabayad ng anumang pinababang halaga na natira batay sa patakaran ng FAP. **Para sa tulong sa aplikasyon, may mga onsite na pinansyal na tagapayo ng Wellstar o makakatawag ang mga pasyente sa 470-245-9998. Mangyaring ipadala ang mga nakumpletong aplikasyon at anumang iba pang liham na nauugnay sa FAP sa:**

Wellstar Hospital Financial Assistance Program Application
Post Office Box 748733
Atlanta Georgia 30374